



Pahayag mula sa Ahensya ng Mga Serbisyong Pantao ng San Francisco at Tanggapan para sa Aktibong Pakikilahok at Mga Ugnayan sa Imigrante tungkol sa Bagong Pederal na Panuntunan sa Public Charge

Sinusuri namin ang pinal na [Panuntunan sa Public Charge](#) ng pederal na pamahalaan at tinatasa namin ang mga potensyal na epekto nito sa mga taga-San Francisco na nakakatanggap o maaaring kwalipikado para sa mga benepisyo ng publiko.

Kinikilala namin na ang bagong pederal na panuntunang ito ay maaaring magdulot ng kawalan ng katiyakan, takot, at alalahanin sa mga komunidad ng imigrante at maaaring pumigil sa mga indibidwal at pamilya na mag-apply para sa mga benepisyo at serbisyo na mayroon silang legal na karapatang matanggap. Nananatili kaming nakatuon sa pagtiyak na maaaring ma-access at mapanatili ng lahat ng kwalipikadong indibidwal at pamilya ang mga benepisyo at serbisyo na kailangan nila, anuman ang status sa immigration.

HINDI naaangkop sa lahat ang Panuntunan sa Public Charge. Ginagamit ng mga awtoridad sa immigration ang terminong public charge sa pagtukoy kung ang isang hindi mamamayan na nag-a-apply na makapasok ng U.S. o makakuha ng legal na permanenteng paninirahan (Green Card) ay may malaking posibilidad na dumepende sa mga benepisyo ng pamahalaan. Ang pagsusuri sa public charge ay hindi naaangkop sa mga mamamayan ng U.S., indibidwal na mayroon nang green card, hindi mamamayan na hindi nagpaplanong mag-apply para sa green card, at hindi mamamayan na nasa ilang partikular na espesyal na status (hal., mga asylee, mga refugee).

Sa kasalukuyan, WALANG bisa ang bagong Panuntunan sa Public Charge.

Magkakaroon ng bisa ang bagong panuntunan sa Setyembre 18, 2026. Hanggang sa petsang iyon, ang panuntunan noong 2022 pa rin ang may bisa. Sa ilalim ng panuntunan noong 2022, ang mga benepisyo ng publiko na nakabatay sa kita na hindi cash—gaya ng Medi-Cal, CalFresh, Programa ng Tulong sa Karagdagang Nutrisyon (Supplemental Nutrition Assistance Program, SNAP), Programa ng Karagdagang Nutrisyon para sa Mga Babae, Sanggol, at Bata (Women, Infants, and Children Supplemental Nutrition Program, WIC), mga pagkain sa paaralan, at suporta sa pabahay—ay hindi kasama sa pagsusuri sa public charge. Nakasaad din sa abiso na **hindi** isasaalang-alang sa ilalim ng bagong panuntunan ang mga benepisyo ng publiko na nakabatay sa kita na hindi cash na matatanggap bago ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng bagong panuntunan (Setyembre 18).

Habang patuloy naming sinusuri ang Panuntunan sa Public Charge at ang mga epekto nito, hinihikayat namin ang mga miyembro ng komunidad na:

- sa ngayon, patuloy na mag-apply para sa at i-access ang mga serbisyo na mayroon silang karapatan;



- maghanap ng impormasyon mula sa mga mapagkakatiwalaang source at kumonsulta sa mga kwalipikadong provider ng legal na serbisyo para sa immigration kaugnay ng mga tanong tungkol sa kanilang mga indibidwal na sitwasyon at kung ano ang pinakamainam para sa kanilang pamilya;
- mag-ingat sa sinumang tatawag o magpapadala ng text na nagpapanggap bilang mga opisyal sa immigration, at iulat ang mga scam.

Hinamon ang panuntunan sa public charge sa hukuman noong Administrasyong Trump, at inaasahan naming magkakaroon din ng mga katulad na hamon sa pagkakataong ito.

Ang sinumang may mga tanong kung paano maaapektuhan ng mga kasalukuyan o paparating na panuntunan sa public charge ang kanilang mga benepisyo ay maaaring makipag-ugnayan sa Linya para sa Libreng Payo ng Bay Area Legal Aid sa (800) 551-5554.

Patuloy kaming magbibigay ng mga update sa [page na Public Charge](#) sa SFHSA.org.

Samantala, para sa impormasyon tungkol sa mga pampublikong benepisyo na available batay sa status sa immigration at mga kinakailangan sa application, bisitahin ang sfhsa.org/services/immigrants/public-benefits-immigrants.

Para sa mga pangkalahatang mapagkukunan para sa imigrante, kasama ang legal na tulong, bisitahin ang sf.gov/immigrants.